



London Breed, Mayor

Mga Madalas Itanong (FAQ)

Tenderloin Linkage Center | 1170 at 1172 Market Street, San Francisco, CA 94102 (UN Plaza)

Ano ang panukalang proyekto sa Tenderloin Linkage Center, para kanino ito?

Palalawigin ng Tenderloin Linkage Center sa 1170 at 1172 Market Street (UN Plaza) ang paggamit dito bilang espasyo para sa mga may natutuluyan at walang natutuluyang residente ng Tenderloin. Ang layunin ng linkage center na ito ay:

- Maglaan ng ligtas at bukas na espasyo sa Tenderloin para sa mga tao na dumaranas ng pag-abuso sa droga para may mapuntahan sila para sa mga serbisyo sa kalinisan at dangal gayundin ang espasyo sa pakikipagkapwa.
- Maging isang kumpletong lugar para sa mga tao na handa nang makamit ang mga pangkalusugan at pantaong programang serbisyo ng lungsod para makaugnay sa mga serbisyong iyon nang madali at mabilis.

Ano ang Linkage Center?

Ang Linkage Center ay bahagi ng Tenderloin Emergency Initiative na may layuning magtaguyod ng maunlad na komunidad at magligtas ng buhay sa pamamagitan ng pag-iwas sa overdose ng droga at pag-ugnay ng mga tao sa pangangalaga at mga serbisyo. Nakakatulong ang Center para maibsan ang malawakan at open-air na paggamit ng droga at kawalan ng mga madaling makuhang biglaang mapagkukunan ng tulong at suporta para sa mga nangangailangan sa Tenderloin. Ang Center ay isang lokasyong nakatuon sa mga serbisyo kung saan puwedeng boluntaryong magpunta ang mga tao para magpahinga mula sa mga kalye at para makatanggap sila ng iba't ibang mapagkukunan ng tulong at suporta mula sa Lungsod at sa mga katuwang nito.

Sino ang nasa Linkage Center?

- Urban Alchemy
- HealthRight 360
- HSH
- Department of Public Health (DPH)
- Code Tenderloin
- Homeless Outreach Team (SF HOT)
- Dignity on Wheels
- Adult Probation – Reentry Division
- Project Homeless Connect
- Dolores Street
- University of California San Francisco (UCSF), San Francisco Community Health Center (SFCHC)
- San Francisco AIDS Foundation

Bakit palalawigin ng Lungsod ang kontrata sa pagpapaupa ng Tenderloin Linkage Center?

Dahil naglalaman ito ng mga sumusunod:

- Espasyo sa loob at labas
- 24 na oras na operasyon, na may mga kawani mula sa DPH, HSH, ADP, HSA, at mga katuwang sa komunidad na nagtataglay ng karanasan at pagsasanay
- Mga naglalakad o may sasakyang escort mula sa kalye papunta sa site o mula sa site papunta sa mga programa kung kailangan
- Kapasidad na 100 bisita kasama ang mga kawani

Ano ang proseso ng pag-apruba at pagpapatuloy? Isa pa, ano ang timeline?

Alinsunod sa Chapter 79 sa Administrative Code (Prop I), kailangan ng HSH na magbigay ng 30 araw na abiso ng pagbabago sa paggamit ng isang kasalukuyang site.

Natugunan na ang hinihinging ito noong Marso 21, 2022, sa pamamagitan ng mga abiso sa publiko, sulat ng Prop I, at nalalapit na pangkomunidad na pulong. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga abiso sa Prop I at mga pampublikong pulong para sa mga panukalang proyekto ay makikita sa website ng HSH sa: hsh.sfgov.org/get-involved/notices/

Ang pangkomunidad na pulong para sa proyektong ito ay gaganapin sa Biyernes, Abril 1, 2022, sa ganap na 12:00 p.m. Ang pulong na ito ay gaganapin nang virtual at maaaring ma-access gamit ang [Zoom](#).

Para saan ginagamit ang site sa kasalukuyan?

Kasalukuyang tumatakbo ang site bilang isang Linkage Center na may dalawang antas ng mga serbisyo na bukas sa lahat ng bisita sa center:

- Antas 1 – Mga batayang serbisyo. Pagkain, tubig, mga serbisyo sa kalinisan, personal protective equipment, damit, pest treatment, mga aktibidad at programa, espasyo sa pakikipagkapwa, paglalaba, paliligo, pangangalaga sa alagang hayop, mga supply sa paggamot ng sugat, at marami pa.
- Antas 2 – Pag-uugnay sa mga programa. Para sa mga bisitang handa nang kumonekta sa mga mas maiikling pangmatagalang serbisyo, pangangalaga, o mga programang iniaalok ng lungsod o ng mga katuwang nito, makakapagbigay ng impormasyon ang mga kinatawan at makatatanggap sila ng mga tao sa mga programang ito.

Inuupahan ba ng Lungsod ang site na ito? Kung oo, gaano katagal? Kung hindi Lungsod ang umuupa, sino?

Oo, palalawigin ang kontrata sa pagpapaupa hanggang sa katapusan ng taon ng kalendaryo.

Sino ang mga target na bisita ng site na ito?

Bukas para sa lahat ang Tenderloin Linkage Center. Sa partikular, ginawa ang site na ito para suportahan ang mga may natutuluyan at walang natutuluyang residente ng Tenderloin na naghahanap ng ligtas na espasyo para makapagpahinga mula sa mga kalye, o gustong gumamit ng iba't ibang serbisyo at mapagkukunan ng tulong at suporta na iniaalok ng Lungsod. Puwedeng magpatawag ng mga naglalakad o may sasakyang escort ang mga organisasyon sa komunidad o mga field outreach team para sa mga taong gustong kumonekta sa Center. Puwede ring kusang pumunta sa site nang walang escort o referral ang mga may natutuluyan o walang natutuluyang residente.

Saang (mga) modelo nakabatay ang site na ito?

Sinasalamin ng center na ito ang rekomendasyon ng Street-Level Drug Dealing Task Force na magtayo ng “isang 24/7 na lokasyon sa Tenderloin para sa madaling makamit na paggamot sa pag-abuso sa droga at mga referral sa iba pang uri ng paggamot.” Ang site na ito ay isang lokasyong nakatuon sa mga serbisyo kung saan puwedeng boluntaryong magpunta ang mga tao para magpahinga mula sa mga kalye at para makatanggap sila ng iba't ibang mapagkukunan ng tulong at suporta mula sa lungsod at sa mga katuwang nito. Bagama't natatangi ang dalawang layunin ng site na ito bilang pahingahan ng mga dumaranas ng pag-abuso sa droga at bilang ugnayan sa mga komprehensibong serbisyo at programa,



ang mga bahagi ng site ay katulad ng mga diversion, navigation, at triage center sa malalaking lungsod sa buong bansa.

Paano ito umaakma sa kung ano ang naririnig natin tungkol sa pagpapatupad ng batas sa Tenderloin?

Ang layunin ng Linkage Center ay ang pagbibigay ng pahinga at mga mapagkukunan ng suporta at tulong para sa mga dumaranas ng pag-abuso sa droga, sa halip na pagbantaan sila ng kaparusahan sa batas. Layunin ng site na ito na maging isang alternatibo sa pagharap sa mga nagpapatupad ng batas sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng ligtas na alternatibong espasyo na puwedeng puntahan ng mga tao. Bagama't puwedeng mag-refer ang pulisya ng mga potensyal na bisita sa site, ang pangunahin nilang pagtuon sa pagpapatupad ng batas ay ang mararahas na krimen at pagbebenta ng droga.

Ano ang magagawa namin sa Center na hindi pa namin nagagawa sa kasalukuyan?

Magbubukas ang pasilidad ng isang ligtas na lugar para sa mga taong nangangailangan ng mga serbisyo para makaalis sila sa mga kalye sa maghapon at magdamag. Wala pa tayong ganitong 24/7 na center dati. Magiging isa rin itong kumpletong lugar para sa iba't ibang serbisyo at programa para sa kalusugan, pakikipagkapwa, kawalan ng tirahan, at re-entry na mayroon na sa buong lungsod pero hindi palaging madaling maunawaan at maabot.

Papayagan ba ang paggamit ng droga sa site?

Hindi ito espasyo para sa ligtas na paggamit ng droga sa lungsod. Walang medikal na tagasubaybay sa site para sa ligtas na paggamit ng droga. Gayunpaman, makakapunta ang mga bisita sa pasilidad pagkatapos gumamit ng droga. Para maitaguyod ang kaligtasan, kasama sa mga magiging kawani sa site ang mga komunidad at peer na may kasanayan sa pag-iwas sa overdose at pagbabawas ng panganib para subaybayan at kausapin ang mga bisita na posibleng nakararanas ng mga epekto ng kamakailang paggamit ng droga o iba pang substance.

Paano makakaapekto ang site sa UN Plaza at sa mga katabing lugar?

Ang Linkage Center ay isang pangunahing bahagi ng Tenderloin Emergency Initiative. Sa sarili nito, hindi lang ang site ang natatanging solusyon sa mga kondisyong nakakaapekto sa UN Plaza. Gayunpaman, nakatuon nang husto sa paligid ng UN Plaza ang pagbuo sa pasilidad at sa mga kalapit nitong istruktura at magiging ligtas mula sa ilegal na aktibidad ang daanan papunta rito at ang mga kalapit nitong lugar. Kasama rito ang pagtuon sa UN Plaza fountain, mga pasukan ng BART, at mga kilalang lokasyon ng pakikipagtransaksyon at ilegal na pagbebenta ng droga. Bukod pa rito, makakatulong sa pagpapanatiling ligtas ng Plaza mula sa mga mapanganib na aktibidad ang pagbabalik ng Urban Alchemy sa UN Plaza bilang bahagi ng Mid Market/Tenderloin Community-Based Safety Program at ang Linkage Center na may mga kawani.

Magiging isa ba itong site para sa Ligtas na Paggamit?

Hindi ito magiging isang site para sa Ligtas na Paggamit. Kasalukuyang gumagawa ng kontrata ang Lungsod sa ibang gusali para maging ganoong pasilidad.



Paano nakipag-ugnayan sa komunidad sa prosesong ito?

Nakiisa ang mga kinatawan ng mga organisasyong nagsisilbi sa komunidad, mga community benefit district, mga residente, at mga negosyante sa dinamiko at masinsing prosesong ito ng Tenderloin Emergency Intervention plan, kabilang ang pagbuo ng Linkage Center. Ang mga kawani ng site, kabilang ang mga escort, ay ipagkakaloob ng mga organisasyong nakabase sa komunidad at kawani ng lungsod, at inihahanda at pangungunahan ng mga pangkomunidad na organisasyong kasalukuyang kumikilos sa Tenderloin ang istrategiya sa outreach at pakikipag-ugnayan. Sa pagsisimula at pagpapatuloy ng site, magsasagawa ng mga pagbabago ang plano kung kailangan para matiyak na natutugunan nito ang mga pangangailangan ng komunidad ng Tenderloin.

